AMA NAMIN, SUMASALANGIT KA SAMBAHIN ANG NGALAN MO MAPASA AMIN ANG KAHARIAN MO SUNDIN ANG LOOB MO DITO SA LUPA, PARA NANG SA LANGIT.

BIGYAN MO KAMI NGAYON NG AMING KAKANIN SA ARAW-ARAW. AT PATAWARIN MO ANG AMING MGA SALA, PARA NG PAGPAPATAWAD NAMIN SA MGA NAGKAKASALA SA AMIN.

AT HUWAG MO KAMING IPAHINTULOT SA TUKSO,AT IADYA MO KAMI SA LAHAT NG MASAMA. AMEN.

SAPAGKAT SA'YO ANG KAHARIAN KAPANGYARIHAN AT KAPURIHAN NGAYON AT MAGPAKAILANMAN NGAYON AT MAGPAKAILANMAN

**SALMO 91- AWIT NG PAGTITIWALA SA DIYOS**

1 SIYANG NAGHAHANGAD NG PAGKUPKOP NG KATAAS-TAASAN,AT NANANATILI SA KALINGA NIYONG MAKAPANGYARIHAN;

2 MAKAPAGSASABI SA KANYANG PANGINOON: "MUOG KA'T TAHANAN, IKAW ANG AKING DIYOS, ANG DIYOS NA TANGI KONG PINAGKATIWALAAN.

3 IKAW'Y ILILIGTAS NIYA SA PANGANIB, SA UMANG NA BITAG, AT KAHIT ANO MANG MABIGAT NA SALOT DI KA MAGDARANAS.

4 LULUKUBAN NIYA SA LILIM NG KANYANG MALABAY NA PAKPAK, SA KALINGA NIYA AY NATITIYAK MO NA IKAW AY LIGTAS; IINGATAN NIYA'T IPAGSASANGGALANG, PAGKAT SIYA'Y TAPAT.

5 PAGSAPIT NG GABI, DI KA MATATAKOT SA ANUMANG BAGAY, MAGING SA GAGAWING BIGLAANG PAGLUSOB PAGSAPIT NG ARAW.

6 NI SA ANO PA MANG DARATING NA SALOT PAGKAGAT NG DILIM, DI KA MATATAKOT SA KASAMAAN MANG ARAW KUNG DUMATING.

7 KAHIT NA MABUWAL SA IYONG HARAPAN ANG SANLIBONG TAO, SA IYONG PALIGID ANG BILANG NG PATAY MAGING SAMPUNG LIBO; DI KA MATATAKOT, AT NATITIYAK MONG DI KA MAAANO.

8 IKAW'Y NAGMAMASID AT SA PANONOOD IYONG MAMAMASDAN, YAONG MASASAMA AY MAKIKITA MONG PINARURUSAHAN.

9 SAPAGKAT SI YAHWEH ANG IYONG GINAWANG TAGAPAGSANGGALANG, AT ANG PINILI MONG MAG-IINGAT SA 'YO'Y KATAAS-TAASAN,

10 DI MO AABUTING IKAW'Y MAPAHAMAK, AT WALANG DARATAL KAHIT ANONG URING MGA PAGHIHIRAP SA IYONG TAHANAN.

11 SUSUGUIN NIYA ANG MARAMING ANGHEL, SILA'NG SUSUBAYBAY, KAHIT SAANG DAKO IKAW MAPAROON, TIYAK IINGATAN.

12 SA KANILANG PALAD AY ITATAYO KA'T, SILA'NG MAGTATAAS NANG HINDI MASAKTAN ANG MGA PAA MO SA BATONG MATALAS.

13 KAHIT ANG TAPAKAN MO AY MGA LEON, AHAS NA MABAGSIK, DI KA MAAANO SA MGA SERPIYENTE’T LEONG MABABANGIS.

14 ANG SABI NG DIYOS, “AKING ILILIGTAS ANG TAPAT SA AKIN, AT IINGATAN KO ANG SINUMANG TAONG AKO’Y KIKILANLIN.

15 PAG SILA’Y TUMAWAG, LAGING HANDA AKO NA SILA’Y PAKINGGAN, AKING SASAMAHAN AT KUNG MAY HILAHIL AY SASAKLOLOHAN; AKING ILILIGTAS AT ANG BAWAT ISA AY PARARANGALAN.

16 SILA’Y BIBIGYAN KO’T GAGANTIMPALAAN NG MAHABANG BUHAY, AT NAKATITIYAK NA ANG TATAMUHIN NILA’Y KALIGTASAN!”

**2 CRONICA 7:13-14**

MAARING IPINID KO ANG LANGIT AT HINDI PUMATAK  ANG ULAN, MAARING MAGPADALA AKO NG MGA BALANG UPANG SALANTAIN ANG LUPAING ITO.

MAARING PALAGANAPIN KO SA AKING BAYAN ANG SALOT, NGUNIT SA SANDALING ANG BAYANG ITO NA AKING PINILI AY MAGPAKUMBABA, MANALANGIN, HANAPIN AKO AT TALIKDAN ANG KANILANG KASAMAAN DIRINGGIN KO SILA, PATATAWARIN KO SILA, AT IBABALIK KO SA KANILANG LUPAIN ANG KATIWASAYAN AT KASAGANAAN.

ITO ANG MGA SALITA NG DIYOS. (SALAMAT SA DIYOS)